# Ang pinakakaibig-ibig sa pananalita para kay Allah ay apat. Hindi ka mapipinsala sa alinman sa mga ito ka nagsimula: Subḥāna -llāh (Napakamaluwalhati ni Allah), Al-ḥamdu lillāh (Ang papuri ay ukol kay Allah), Lā ilāha illa –llāh (Walang Diyos kundi si Allah), at Allāhu akbar (Si Allah ay pinakadakila).

Ayon kay Samurah bin Jundub, malugod si Allah sa kanya: "Ang pinakakaibig-ibig sa pananalita para kay Allah ay apat - hindi ka mapipinsala sa alinman sa mga ito ka nagsimula: Subḥāna –llāh (Napakamaluwalhati ni Allah), Al-ḥamdu lillāh (Ang papuri ay ukol kay Allah), Lā ilāha illa –llāh (Walang Diyos kundi si Allah), at Allāhu akbar (Si Allah ay pinakadakila)."

[Tumpak.] [Nagsalaysay nito si Imām Muslim.]

Ang ḥadīth ay patunay sa kalamangan ng apat na pangungusap na ito, na ang mga ito ay pinakakaibig-ibig sa pananalita ng mga tao para kay Allah, pagkataas-taas Niya, dahil sa pagkakasaklaw ng mga ito sa dakilang mga usapin: ang paglalayo kay Allah, pagkataas-taas Niya, sa kapintasan; ang paglalarawan sa Kanya sa pamamagitan ng bawat kinakailangan para sa Kanya na mga katangian ng kalubusan; ang pagbubukod-tangi sa Kanya sa kaisahan at kadakilaan; at ang kalamangan ng mga ito at ang pagtamo ng gantimpala sa mga ito ay hindi humihiling ng pagkakasunud-sunod ng pagsambit sa mga ito gaya ng nasaad sa ḥadīth.



النجاة الخيرية
ALNAJAT CHARITY
لجنة الدعوة الإلكترونية
EDC E-Da'wah Committee